PARTIDO KOMUNISTA NG PILIPINAS
BIGWAS
KANLURAN GITNANG LUZON
BAGONG HUKBONG BAYAN
Espesyal na Isyu
01 Abril, 2021

Mula sa mga rebolusyonaryong magsasaka sa Zambales Mountain Range:

MAKABAYANG OPISYAL AT KAWAL NG AFP AT PNP: MAGLINGKOD SA SAMBAYANANG PILIPINO!

GAWAT -- WALANG MAKAIN! Ito ang aba at api naming kalagayan. Bago pa ang pandemyang COVID-19, nakasadlak na kami sa di mabatang krisis sa kabuhayan. Kasabay ng pagkalam ng aming sikmura ang pamamayani ng pasistang teror sa buong kapuluan.

Ang tunay na salot ng bayan ay nasa Malacañang. Ang programa at patakaran sa ekonomya ng Rehimeng US-Duterte ay pangunahing nakatuon at naglilingkod sa dayuhan at mga lokal na kasabwat nila. Nagdudulot ito ng malawakang pag-aalis sa aming karapatan sa lupa, paninirahan at kabuhayan. Marami ring manggagawa ang inaalisan ng trabaho; naluging maliliit na negosyante; at lalong paghihikahos ng dati ng naghihirap na mamamayan.

Ang Executive Order (EO) 70, National Task Force to End Local Communist Armed Conflict(ELCAC), Anti Terror Law at Oplan Kapanatagan ay mga instrumento ng terorismo ng estado laban sa mamamayan. Ang papet, pasista at korap na gubyernong Duterte ay pangunahing nakasalig sa Armed Forces of the Philippines at Philipine National Police upang madugong maisakatuparan ito.

Mula sa Pambansang Katipunan ng mga Magbubukid sa Pilipinas (PKM), nanawagan kami sa lahat ng makabayang opisyal at kawal ng AFP at PNP na talikuran ang Rehimeng US- Duterte.

Ang mataas ninyong sahod at karagdagang mga benipisyo ay piniga mula sa aming pawis at dugo sa anyo ng buwis. Pansuhol ito sa inyo upang higit na maging marahas at mapanlinlang sa mamamayan. Huwag magpatangay sa ganitong mga pakana ng pambubulok at pagtitimo ng asal-alipin sa inyong hanay.

Batid namin na marami sa inyo ang makabayan at kalakhan ng mga mababang opisyal at kawal ay nagmula sa hanay ng aping uring magsasaka. Huwag talikuran ang inyong aping uring pinagmulan dahil lamang sa suhol, pansamantalang ginhawa at pangakong promosyon.

Hinihikayat namin kayo na:

1.) Igiit at ipagtanggol ang pambansang soberanya at integridad ng mga teritoryo ng Pilipinas. Gamitin ang mga armas at makabagong kagamitang pandigma ng AFP at PNP sa mapanghimasok na dayuhan sa halip na itutok sa ulo naming magsasaka at sa mahihirap na mamamayan.

Sa ganitong paraan mapapatunayan ninyo ang pagiging tunay na makabayan.

2.) Igalang ang karapatan pantao at itaguyod ang Comprehensive Agreement for the Respect of Human Rights and other Humanitarian International Law (CARHRIHL) at Iba pang internasyunal na batas kaugnay ng digma.

- **Kaugnay nito ang makataong pakikitungo sa mga bihag ng digmaan at sa mga wala ng kakayahang lumaban (hors de combat).**
- **Suwayin ang utos na gumamit ng tortyur para mapaamin ang bihag.**
- **Huwag mang-reyp ng kababaihan.**
- **Huwag babuyin ang bangkay ng mga naka-engkwentro, anuman ang kanilang paninindigang pulitikal.**

3.) Ipauna ang kapakanan at interes ng sibilyan (civilian supremacy) sa kondukta ng inyong pagkilos.

- **Huwag humimpil o magdetasment sa mga baryo kung saan maaaring madamay ang mga sibilyan sa armadong komprontasyon.**

- Huwag dahasin ang mga mamamayan habang naglulunsad ng mga operasyong militar.
- Huwag sumangkot sa mga arbitraryong pang aaresto, pagbabanta, pambubugbog at pwersahang pagpapagayd sa operasyon
- Suwayin ang utos na walang pakundangang bombahin at papuputukan ang mga komunidad, bukirin, kaingin at mga kabundukan.
- Suwayin ang utos ng walang patumanggang pagpatay sa mga sibilyan o pinaghihinalaang kalaban ng gubyerno.
- Huwag manunog at manira ng kabuhayan. Huwag nakawin ang aming mga pananim at alagang hayop.

4.) Huwag lumahok sa operasyong saywar ng yunit na inyong kinabibilangan laban sa mamamayan. Ang pagmamanipula sa sibilyan sa pamamagitan ng panggigipit at pananakot ay isang anyo ng tortyur, at labag sa pandaigdigang batas sa pagtataguyod ng karapatang tao.

5.) Labanan ang talamak na katiwalian sa loob ng reaksyunaryong gubyerno at sa organisasyon mismo ng AFP at PNP na inyong kinapapalooban.

Huwag magpikit-mata sa pagnanakaw ng mga nakatataas na opisyal sa mga programang pang kontra-insuhensya tulad ng Oplan Kapayapaan, NTF, Enhanced Comprehensive Local Integration Program (ECLIP), Barangay Development Program (BPO) bilang pork barrel ng militar at iba pa.

Ang bawat pondong nakukurakot sa kaban ng yaman, anuman ang halaga nito ay katumbas ng serbisyong panlipunan na naipagkakait sa sambayanang Pilipino, kabilang kayo at ang inyong pamilya.

6.) Magbuo ng kilusan ng mga makabayan at tunay na lingkod ng masa sa hanay ng kasundaluhan.

Malaking hamon para sa inyo kung paano maninindigan para sa interes ng sambayanang Pilipino sa kalagayan na ang mismong Gubyerno ng Republika ng Pilipinas (GRP) na inyong sinumpaan ng katapatan ay siya mismong nagtataksil sa bayan.

7.) Sumapi sa Lt. Crispin Tagamolila Movement - ang lihim na kilusang rebolusyonaryo sa loob ng AFP - PNP.

Sa pamamagitan nito nagagawa ang mahigpit na ugnayan ng makabayang sundalo sa aming mga magsasaka na bumubuo sa mayorya ng rebolusyonaryong pwersa sa kanayunan.

8.) Panghuli, hinihikayat namin kayo na ganap na tumiwalag sa maka-dayuhan, kontra-masa, malupit, at bayarang oryentasyon ng AFP-PNP. Kayo ang mukha ng pinatitinding terorismo ng rehimeng US-Duterte. Kayo ang pananggalang at sandigan ng rehimeng labis na kinapopootan ng sambayanang Pilipino.



Sa Zambales Mountain Range, kayo ang utusan ng panginoong maylupa, malaking burgesya kumprador at mga dayuhang kapitalista para palayasin kami sa aming lupain. Kayo ang pinantatakot sa amin para tumigil sa pagtatanggol sa aming demokratikong karapatan. Kayo rin ang inuutusan para patayin ang aming mga mahal sa buhay at mga kapwa namin magsasaka sa batayan ng pulitikal na paninindigan laban sa gubyernong nang-aapi at nambubusabos sa sambayanang Pilipino.

Pinakamainam na tumiwalag na kayo - - magresayn o mag-AWOL sa serbisyo para makaiwas sa aming makauring galitat makatarungang digma na aming isinusulong kasama ang aming tunay na hukbo, ang New People's Army o Bagong Hukbong Bayan

Nakahanda kaming iugnay kayo sa ligtas na paraan sa NPA. Bukas ang kanilang pintuan para sa sinumang sundalo o pulis na handang tumalikod sa GRP at maglingkod ng tapat sa sambayanang Pilipino.

Manindigan para sa tunay na pagbabagong panlipunan. Maglingkod sa sambayanang Pilipino! Maraming salamat.

Sino si CRISPIN TAGAMOLILA?

"Totoo. Totoo na sa kasalukuyan ay malakas pa ang kaaway natin. Sagana ito sa kagamitan, sa baril, bala, mga sasakyan at maging sa mga tau-tauhang kinakasangkapan. Ngunit ang mga ito ay panlabas na lakas lamang, sapagkat ang tunay na lakas sa digmaan ay nakasalalay sa katatagan ng mga taong bumubuo sa mga puwersang naglalaban, at hindi sa kanilang armas.

Tayo ang bumubuo ng puwersang nagbabangon upang labanan ang pang-aapi, nakikibaka tayo upang mabuwag ang sistemang umaalipin sa karamihan sa mga mamamayang Pilipino. Ang kaaway natin sa kabilang panig ay nakikibaka upang mapanatili ang kasalukuyang sistema, upang magpasasa sa luho ang kakaunting tao, at upang patagalin pa ang pagsasamantalat pang-aapi. Samakatuwid, samantalang ang simulain natiy nakasandig sa katarungan, sa pagbaka sa pang-aapi, ang simulain ng kaaway ay nakasandig sa pang-aapi at pagsasamantala."

Gardweyt ng Philippine Military Academy. Tinyente sa Philippine Army bago siya tumiwalag sa organisasyon ng AFP. Hindi niya maatim ang pagiging sundalong utusan ng imperyalistang US at maging kasangkapan ng uring panginoong maylupa at burgesya kumprador sa pang-aapi at pambubusabos sa sambayanang Pilipino.

Naging punong Kumander sa Isabela.